



# Mga Inaaasahan sa Pulisya na Nag-reresponde sa Krimen ng Hindi Patas na Pagtingin

Ano ang kailangan mong malaman upang makagawa ng mabuting desisyon tungkol sa pakikipag-ugnayan sa pulisya kapag nag-uulat ng krimen ng hindi patas na pagtingin.

Oregon Department of Justice's

**CIVIL RIGHTS UNIT**



# Pulisya

Gagamitin namin ang salitang 'pulisya' sa dokumentong ito. Ang ibig naming sabihin ay lahat ng alagad ng batas sa lahat ng antas ng ahensya, kabilang ang mga punong pulisya at kanilang mga opisyal, mga eskribano at kanilang mga kinatawan, mga truper at mga sinumpaang opisyal. Ang mga taong ito ay mga sinumpaang opisyal (hindi mga sibilyan) na nagpapatupad ng batas para sa mga departamento ng pulisya ng bayan/lungsod (munisipyo), mga opisina ng eskribano, Pulisya ng Estado ng Oregon, at mga departamento ng pulisya ng unibersidad.

# Sinasabi ng Batas na ang mga ito ay Pang-Pundasyong Obligasyon ng Pulisya

- [OR Const, Art I § 42 \(1\)](#): Tratuhan ang mga biktima nang may nararapat na **dignidad at paggalang**
- [OACP Code of Ethics](#): Ang pangunahing tungkulin ay **maglingkod sa komunidad**
- [OSSA](#): Pahusayin ang **kaligtasan ng komunidad**
- [OSP's mission](#): Na pagsilbihan ang Estado ng Oregon na may magkakaibang manggagawa na **naglalaan ng proteksyon sa tao**, mga ari-arian, at likas na yaman.
- Sa ilalim ng [ORS 181A.080](#): Mga Kapangyarihan at mga tungkulin:
  - Ipatupad ang lahat ng mga batas kriminal
  - Maiwasan ang krimen
- [ORS 147.380](#): Obligado ang pulisya na isangguni ang mga biktima ng hindi patas na pagtingin sa mga kwalipikadong nagseserbisyo ng biktima o sa hotline.

# Sinasabi ng Batas ng Oregon na ang Pulisya ay Dapat

- Tratuhan ang mga miyembro ng komunidad nang may dignidad at paggalang.
- Matugunan ang iyong mga pangangailangan sa aksesibilidad, kapag hiniling.
- Kumuha ng tagapagsalin upang makipag-usap sa iyo, kapaag hiniling ([Titulo VI ng CRA ng 1964](#), [Titulo III ng ADA](#)).
- Huwag gamitin ang miyembro ng pamilya ng biktima o saksi bilang tagapagsalin.
- Hindi magtanong tungkol sa iyong pagkamamamayan, bansang pinagmulan, o katayuan sa imigrasyon, maliban kung ito ay parte na kinakailangan sa kanilang imbestigasyon sa krimen ([ORS 181A.823](#)).
- Kung ikaw ay 15 o mas matanda, payagan ka na magkaroon ng hindi saksi na 18 o mas matanda na samahan ka sa anumang pakikipanayam ([ORS 147.425](#)).
- Mag-imbestiga sa mga krimen.
- Magpatupad ng mga batas kriminal.
- Maging malinaw tungkol sa katayuan ng kanilang imbestigasyon, hangga't hindi ito makomprimiso ang kanilang imbestigasyon.
- Sabihin sa mga biktima ng krimen ang tungkol sa kanilang mga karapatan ([OR Const, Art I § 42 \(1\)](#) at [ORS 147.417](#)).

## Dapat Imbestigahan ng Pulisya ang Krimen ng Hindi Patas na Pagtingin

- Hindi mo kailangang patunayan ang iyong sariling kaso.
- Hindi mo kailangang magkaroon ng pinaghihinalaan.
- Dapat imbestigahan ng pulisya kung sino, ano, kailan, saan, bakit at paano.
- Ang pulisya ay magtatanong sa iyo at sa iba.

# Ang mga Imbestigasyon ng Pulisya ay Dapat Magsama

- Ng pagkilala sa pinsalang naranasan mo
  - Mga salita tulad ng, “Pasensya na at nangyari ito sa iyo. Hindi ito tama.” ay mahalaga
- Ng pag-aasikaso sa mga medikal na pangangailangan ng (mga) biktima, (mga) saksi, at (mga) salarin
- Pag-sisiguro at pag-pepreserba ng ebidensya, kasama ang:
  - pagkokolekta ng pisikal na ebidensya
  - pagkukuha ng larawan ng ebidensya
  - pagpapadala ng ebidensya para masuri sa laboratoryo ng krimen
- Pagkukuha ng mga pahayag mula sa lahat ng partido
- Ng pagsisiyasat sa kapitbahayan
  - Maghanap ng karagdagang ebidensya (mga kamera, mga simbolo, mga kalapit na palatandaan , mga nahulog na bagay?)
  - Panayamin ang mga karagdagang saksi (ang mga saksi ay maaaring mga saksi sa mata, mga saksi sa tainga, o maaaring may mahalagang makasaysayang impormasyon.
- Ng pag-aresto o pag-isyu ng pagsipi, *kung* ang pulisya ay makabuo ng posibleng dahilan upang mapatunayan ang isang krimen.
  - Pagpapaalam sa biktima tungkol sa desisyon ng pag-aresto o pagsipi, at kung ano ang susunod na aasahan.
- Ng pasulat ng ulat ng pulisya, kabilang ang eksaktong wika na nag-udyok ng hindi patas na pagtingin (sa mga sipi) o paglalarawan ng pag-uugali
  - Ang mga ulat ng pulisya ay hindi dapat magsama ng mga pangkalahatan tulad ng (Pagkatapos noon gumamit si Bob ng **kapintasan ng lahi** para insultuhin si Maria.”
- Pagpapayo sa mga biktima ng krimen tungkol sa kanilang mga karapatan bilang biktima ng krimen.

# Mga Tanong tungkol sa Pagganyak ng Hindi Patas na Pagtingin

- Ang pulisya ay magtatanong sa iyo kung naniniwala ka na ang krimen ay nagganyak dahil sa hindi patas na pagtingin.
- Ang pulisya ay magtatanong sa iyo kung mayroon kang anumang ebidensya sa pagganyak ng hindi patas na pagtingin.
- Ang pulisya ay magtatanong sa iyo kung sa partikular na wikang ginamit, kabilang ang mga pamimintas.
  - Ito ay hindi para ipahiya o ipahamak ka, kundi para mangolekta ng ebidensya na kailangan para mapatunayan ang partikular na krimen.
- Ang pulisya ay maaaring magtanong sa iyo kung ano ang partikular na salita – tulad ng isang pintas – ang ibig sabihin nito.
  - Ito ay maaaring hindi dahil sa hindi nila alam ang kahulugan, ngunit dahil ito ay kailangan para mapatunayan ang posibleng pagganyak ng hindi patas na pagtingin.

## Aktwal o Pinaghihinalaang Protektadong Klase?

- Ang pagganyak ng hindi patas na pagtingin ng isang salarin ay hindi kailangang tugma sa iyong pagkakakilanlan.
- Ang batas ng Oregon ay nangangailangan ng patunay ng “pinaghihinalaang” protektadong klase, hindi ang aktwal na protektadong klase.
- Halimbawa, ang isang tao ay maaaring saktan ang biktima at tawagan sila ng pamimintas kontra-itim/Aprikanong-Amerikano. Kung ang biktima ay nagpapakilala bilang Katutubo ng Hawaii, maaari pa ring kasuhan ang isang krimen ng hindi patas na pagtingin batay sa lahi.



# Impormasyon sa Protektadong Klase

Ang pulisya ay magtatanong tungkol sa impormasyon ng iyong protektadong klase.

Kabilang dito ang iyong:

- Lahi
- Pagkakakilanlan ng Kasarian
- Kulay
- Relihiyon
- Sekswal na Oryentasyon
- Kapansanan
- Pambansang Lahi\*

\*Ang pulisya ay hindi pwedeng magtanong sa iyo tungkol sa iyong pagkamamamayan, pambansang lahi, o katayuan ng imigrasyon, maliban kung ito ay kinakailangan para sa kanilang imbestigasyon sa isang estado o lokal na krimen ([ORS.181A.823](#))

# Ang Pulisya ay hindi kailangang Imbestigahan ang isang *Insidente* ng Hindi Patas na Pagtingin

- Inirerekomenda ng Oregon DOJ na imbestigahan at idokumento sa isang ulat ng pulisya ang lahat ng mga krimen at mga insidente ng hindi patas na pagtingin.
  - Ang mga insidente ng hindi patas na pagtingin ay mga salita o asal na hindi-kriminal udyok ng hindi patas na pagtingin na pinatatamaan ang isang tao batay sa kanilang pinaghihinalaang protektadong klase.
- Gayunpaman, ang pulisya ay *hindi* kailangang mag-imbestiga o magdokumento ng mga insidente ng hindi patas na pagtingin.
- Dapat isangguni ng pulisya ang mga biktima ng hindi patas na pagtingin sa kwalipikadong mga serbisyo na lokal o sa [Bias Response Hotline \(ORS 147.380\)](#).

## Ang Pulisya ay Hindi Dapat Nagbibigay ng iyong Impormasyon sa ICE

- Maliban kung may utos na nilagdaan ng hukom, o pagbabahagi ng impormasyon na mayroon na sa publiko, hindi maaaring ibahagi ng pulisya ang iyong pambansang lahi, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon sa anumang pederal na awotridad sa imigrasyon para sa layunin ng pagpapatupad ng pederal na batas sa imigrasyon ([ORS 181A.823](#)).

Gusto mo bang malaman kung ano ang ginagawa  
ng Yunit ng Karapatang Sibil? Sundan kami sa  
sosyal medya!  